

COVINGTON

BEIJING BRUSSELS DUBAI FRANKFURT JOHANNESBURG
LONDON LOS ANGELES NEW YORK PALO ALTO
SAN FRANCISCO SEOUL SHANGHAI WASHINGTON

Brian D. Smith

Covington & Burling LLP
One CityCenter
850 Tenth Street, NW
Washington, DC 20001-4956
T +1 202 622 5090
bdsmith@cov.com

Disyembre 2, 2019

Ang Kagalang-galang na Raja Krishnamoorthi
Subcommittee Patakaran sa Ekonomiya at Konsumer
Kumite sa Pangangasiwa at Reporma
Kapulungan ng mga Kinatawan ng U.S.
Washington, D.C. 20515

Minamahal na Tagapangulong Krishnamoorthi:

Sa ngalan ng aming kliyente, Johnson & Johnson, tinutugunan ng liham na ito ang kamakailan na imbitasyon mo kay Alex Gorsky, Tagapangulo at CEO ng Johnson & Johnson, upang tumestigo sa isang pagdinig ng Subcommittee sa Disyembre 10, 2019, kaugnay sa “mga paraan na ginagamit upang matukoy ang asbestos sa talc.” Sumusulat kami upang humiling na muli ninyong isaalang-alang ang aming mungkahi na si Kathleen Widmer o Matthew Sanchez ang pupunta sa pagdinig. Si Ms. Widmer ang Tagapangulo ng Dibisyon ng Konsumer ng Johnson & Johnson sa Hilagang Amerika, ang nangangasiwa sa lahat ng mga konsumer na negosyo ng Johnson & Johnson sa Hilagang Amerika, kabilang na ang Johnson’s Baby Powder. Ang dibisyon ng konsumer ay isang napakalaking bahagi ng kumpanya na binubuo ng mahigit \$10 bilyon na benta, 7,500 na empleyado, siyam na pangunahing tanggapan, at ilang mga plantang pabrika. Ang pinakamahalaga, si Ms. Widmer ang pinakamataas na antas ng ehekutibo na direktang may kaalaman at pananagutan para sa mga konsumer na negosyo ng kumpanya. Si Dr. Sanchez ay isang kilalang dalubhasa sa mga paraan ng pagsubok ng talc. Tulad ng natalakay sa inyong mga tauhan at tulad ng nakadetalye sa ibaba, ang background ni Mr. Gorsky ay hindi sa larangan na ito at wala siyang direktang kaalaman tungkol sa mga paraan ng pagsubok ng talc.

Tulad ng alam ninyo, sa buong 2019, ang Johnson & Johnson ay nakikipagtulungan sa inyo, sa ibang mga Miyembro ng Subcommittee, at sa inyong mga tauhan upang tumugon sa mga katanungan ng Subcommittee tungkol sa talc at sa kaligtasan ng talc. Nananatiling tapat ang Johnson & Johnson sa pakikipagtulungan sa Subcommittee upang matugunan itong malaki at mahalagang mga suliranin sa pampublikong patakaran.

Sa maagang bahagi ng Marso, humiling ang inyong mga tauhan ng briefing mula sa Johnson & Johnson sa mga usapin na kaugnay sa kaligtasan ng talc. Noong Marso 8, si Dr. Susan Nicholson, ang Bise Presidente ng Johnson & Johnson para sa Pagsubaybay sa Kaligtasan at Pangangasiwa ng Panganib, ay nagbigay sa mga tauhan ng Subcommittee ng detalyadong briefing sa mga usapin tungkol sa kaligtasan ng talc at sinagot ang ilang mga tanong mula sa inyong mga tauhan. Noong Marso 11, bago ang pagdinig ng Subcommittee sa Marso 12, nagsumite ang Johnson & Johnson ng mahabang liham sa lahat ng mga Miyembro ng Subcommittee. Binuod ng liham ang dekadang mga pagsubok na nagpapakita na ang kosmetikong talc ng Johnson & Johnson at ang Johnson’s Baby Powder ay ligtas, hindi kontaminado ng asbestos, at hindi nagdudulot ng kanser. Tulad ng nabanggit sa naisumite na

COVINGTON

Ang Kagalang-galang na Raja Krishnamoorthi
Disyembre 2, 2019
Pahina 2

iyon, naglaan ang Johnson & Johnson ng maraming sanggunian upang mabigyan ang publiko ng bukas at malinaw na impormasyon kaugnay sa Johnson's Baby Powder, kosmetikong talc, at kaligtasan ng talc, kabilang ang sa pamamagitan ng nakatuon na website, Mga Katotohanan Tungkol sa Talc (www.factsabouttalc.com), kung saan ang kumpanya ay naglagay ng mahigit 1,500 dokumento ng mga pag-aaral, mga liham, at iba pang mga materyales na sumasaklaw sa deka-dekadang impormasyon tungkol sa kosmetikong talc.

Sa huling bahagi ng Marso, kayo ay humiling ng malawak na hanay ng mga dokumento mula sa Johnson & Johnson. Sinaklaw ng kahilingan ang mga dokumento at impormasyon na kaugnay sa mga tagasuplay ng Johnson & Johnson ng talc, mga antas ng pagtukoy kaugnay sa asbestos, mga paraan ng pagsubok ng asbestos, ang mga resulta ng pagsubok para sa asbestos, mga bilang ng benta, mga materyales sa pagbebenta, at marami pa. Noong Abril at Mayo, tumugon o nagbigay ang Johnson & Johnson ng mga materyales bilang pagtugon sa bawat isa sa may numerong mga kahilingan sa inyong liham. Sa kabuuan, ang Johnson & Johnson ay nagbigay ng halos 10,000 pahina ng mga materyales. Bukod dito, nag-alok ang kumpanya na magbigay, at tumanggi ang mga tauhan ng Subcommittee na tanggapin, ng mahigit sa 300,000 na karagdagang mga pahina ng materyales na kaugnay sa pagsubok ng talc.

Tulan ng nakabuod sa isinumite ng Johnson & Johnson noong Marso 11, ipinapakita ng mga dokumentong ito na gumamit ang Johnson & Johnson ng mga masinsinang paraan ng pagsubok sa loob ng maraming dekada upang matiyak ang kaligtasan ng kosmetikong talc nito. Umiiral ang ilang magkakaibang analitikal na paraan sa pagtukoy at pagkilala sa mga mineral na tulad ng asbestos. Noong 1976, nagtatag ang industriya ng kosmetiko ng pamantayan sa pagsubok upang matiyak ang kaligtasan ng kosmetikong talc, na tinatawag na CTFA J4-1 specification. Iniaatas ng pamantayan na J4-1 ang paggamit ng x-ray diffraction ("XRD"), at, kung kinakailangan para sa karagdagang pagsasala, ang polarized light microscopy ("PLM"). Iniatas ng Johnson & Johnson ang paggamit ng XRD at PLM, kung kinakailangan, sa loob ng maraming dekada, at sa katunayan, kasalukuyang ginagamit ang parehong paraan ayon sa mga rekomendasyon ng Pharmacopeia ng Estados Unidos para matiyak na walang asbestos ang pharmaceutical-grade na talc. Bukod sa paggamit ng XRD at PLM ayon sa mga paraan ng Pharmacopeia ng Estados Unidos at J4-1, ipinagamit ng kumpanya sa mga third-party na laboratoryo ang transmission electron microscopy ("TEM") upang masuri ang kosmetikong talc ng kumpanya. Iniatas ng Johnson & Johnson ang pagsubok gamit ang TEM sa maraming dekada at, sa paggawa nito, ay nalampasan ang mga pamantayan ng industriya sa maraming dekada. Ang kosmetikong talc na ginagamit sa Johnson's Baby Powder ay sinubok nang maraming beses, kabilang na sa lugar kung saan minimina ang talc, sa sandaling makuha ang ore, at pagkatapos itong magiling.

Dahil ang pagsubok ng asbestos ay talagang larangan ng kadalubhasaan at teknikal, umaasa ang Johnson & Johnson sa mga eksperto na payuhan ang kumpanya kaugnay sa mga naaangkop na paraan ng pagsubok, sa pagsasagawa sa pagsubok, at sa pag-analisa sa mga resulta. Ang mga pag-analisang ito ay ginagamit upang matukoy ang morpolohiya, komposisyon, at crystalline na istruktura ng mineral. Ang mga mineral na tulad ng talc ay maaaring may mga katangiang kemikal, crystalline na istruktura, o kalikasang morpolohiya na pareho sa asbestos, na nagpapakumplikado sa mga siyentipikong pag-analisa at nangangailangan ng higit pang antas ng kadalubhasaan at pagsasanay. Tulad ng makikita sa

COVINGTON

Ang Kagalang-galang na Raja Krishnamoorthi
Disyembre 2, 2019
Pahina 3

napakaraming materyales na nauugnay sa pagsubok ng talc na ibinigay ng Johnson & Johnson sa Subcommittee, nagsagawa na ng mga pagsubok ang iba't ibang mga dalubhasa, kabilang ang McCrone Associates, ang RJ Lee Group, at ang National Institute for Occupational Safety and Health. Nilampasan ng pangangasiwa ng Johnson & Johnson sa pagsubok ang parehong pamantayan ng industriya at ang mga rekomendasyon ng Pharmacopeia ng Estados Unidos para sa pharmaceutical grade na talc. Tinitiyak ng malawak na rekord ng Johnson & Johnson sa pagsubok gamit ang buong hanay ng mga pamamaraan na walang asbestos ang talc nito.

Matapos matanggap ang imbitasyon para sa pagdinig, humiling kaming tawagan sa telepono ang inyong tauhan. Sa isang tawag noong Miyerkules, Nobyembre 20, ipinahiwatig namin na sinusuportahan ng Johnson & Johnson ang interes ng Subcommittee na suriin ang mga paraan ng pagsubok na ginagamit upang matukoy kung may laman na asbestos ang talc. Sinabi namin na, dahil sa napakadalubhasa at napakateknikal ang kalikasan ng pagsubok ng talc, hindi angkop si Mr. Gorsky bilang saksi para sa mga siyentipikong paksa na plinano para sa pagdinig. Ipinahayag namin na interesado ang Johnson & Johnson sa pakikipagtulungan sa Subcommittee at iminumungkahi ang isang siyentipikong dalubhasa na makakapagsalita sa mga siyentipikong usapin sa pagdinig, kabilang ang heolohiya, minerolohiya, at mikroskopiya. Tinukoy ng tauhan ninyo na bukas ang Subcommittee sa pakikinig sa mga mungkahi kaugnay sa saksi para sa pagdinig, at nagkasundo kami na isaalang-alang ang mga potensyal na saksi at muling makikipag-ugnayan sa inyong tauhan sa Biyernes.

Sa Biyernes, Nobyembre 22, sa isang follow up na pakikipag-usap sa tauhan ng Subcommittee, iminumungkahi namin na si Dr. Matthew S. Sanchez, Ph.D., ang magsasalita sa ngalan ng Johnson & Johnson sa pagdinig sa Disyembre 10. Sinabi namin na si Dr. Sanchez ang naaangkop na magsalita sa pagdinig dahil mayroon siyang kadalubsahaan sa minerolohiya, heolohiya, at mikroskopiya, at partikular na kadalubhasaan sa mga paraan ng pagsubok na ginagamit upang matukoy ang asbestos, kabilang ang XRD, PLM, at TEM. Mula 2007, si Dr. Sanchez ay isa nang siyentipiko, tagapangasiwa, at imbestigador sa RJ Lee Group; ang RJ Lee Group ay isa sa mga pangunahing panlabas na dalubhasa na inaasahan ng Johnson & Johnson na magpaliwanag sa mga paraan ng pagsubok ng talc. Sumang-ayon kami na magbigay sa inyong tauhan ng curriculum vitae ni Dr. Sanchez, na ginawa namin sa hapon na iyan. Pagkatanggap sa background ni Dr. Sanchez, agad na tumugon ang tauhan ninyo at sinabing “inaasahan nila si Mr. Gorsky na magsalita sa Disyembre 10.”

Sa Lunes, Nobyembre 25, muli kaming nakipag-usap sa inyong tauhan. Inulit namin na hindi si Mr. Gorsky ang naaangkop na magsalita para sa pagdinig dahil wala siyang background sa paksa ng pagdinig. Sinabi namin na ang Johnson & Johnson ay binubuo ng ilang 220 na kumpanya, at si Mr. Gorsky ay mula sa pharmaceutical na panig ng negosyo ng Johnson & Johnson at wala siyang karanasan sa pagsisilbi sa loob ng konsumer at bahagi ng kumpanya na para sa sanggol. Sinagot rin namin ang katwiran ng inyong tauhan na nagpatotoo na o nagsalita na si Mr. Gorsky sa publiko kaugnay sa mga usapin tungkol sa talc, sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagpapaliwanag na sumasalalay si Mr. Gorsky at ang kumpanya sa mga panlabas na eksperto sa kanyang mga pahayag na publiko o pribado kaugnay sa talc.

Sa pagtawag noong Nobyembre 25, sinabi rin ng tauhan ninyo na gusto ng Subcommittee na makinig mula sa isang testigo na galing sa loob ng kumpanya, sa kabila ng

COVINGTON

Ang Kagalang-galang na Raja Krishnamoorthi
Disyembre 2, 2019
Pahina 4

paggamit ng kumpanya ng mga panlabas na eksperto para sa mga pamamaraan nito sa pagsubok ng talc. Bilang tugon, iminungkahi namin na si Kathleen Widmer, ang Tagapangulo ng Grupo ng Kumpanya ng Johnson & Johnson na Konsumer sa Hilagang Amerika, ang pupunta sa pagdinig dahil siya ang ehekutibo na responsable para sa mga konsumer na negosyo ng Johnson & Johnson. Dahil sa istruktura ng Johnson & Johnson, si Ms. Widmer ang nagtatrabaho sa isang antas na katumbas ng isang CEO at mayroon siyang deka-dekadang karanasan sa sektor ng mga konsumer na produkto. Bukod dito ay mayroon din siyang karanasan sa pagsagot sa mga usapin sa patakaran na nauugnay sa kaligtasan ng konsumer, halimbawa, sa pamamagitan ng pagsisilbi bilang isang Ehekutibong Direktor ng Lupon ng Konseho ng mga Produkto sa Pangangalagang Personal. Hiniling ng inyong tauhan na gawin namin ang mungkahi sa pamamagitan ng liham at magbigay ng karagdagang impormasyon kaugnay sa background ni Ms. Widmer, na ginawa namin sa parehong araw.

Sa Miyerkules, Nobyembre 27, humiling ang inyong tauhan ng isang follow-up na pagtawag sa telepono. Sa tawag na ito, tinukoy ng inyong tauhan na isinaalang-alang ng Subcommittee ang aming mungkahi na si Ms. Widmer ang pupunta sa pagdinig. Ipinahiwatig ng inyong tauhan na hindi binago ng Subcommittee ang imbitasyon kay Mr. Gorsky at ang “imbitasyon ay nananatili pa rin.” Ipinahayag namin na, bagamat tapat ang Johnson & Johnson sa pakikipagtulungan sa Subcommittee, walang kaalaman si Mr. Gorsky sa mga siyentipikong usapin na tatalakayin at walang background sa bahaging konsumer ng negosyo. Samantala, sina Dr. Sanchez at Ms. Widmer ay makakapagsalita sa dalawang usapin na ito.

Inuulit namin na ipinakita ng Johnson & Johnson ang katapatan nitong makipagtulungan sa Subcommittee at sa inyo at sa inyong tauhan sa pagdinig. Inialok na namin ang dalawang testigo na may malaking karanasan at kadalubhasaan sa tinukoy na usapin sa imbitasyon para sa pagdinig at sa sumunod na pakikipag-usap sa inyong tauhan. Dahil sa mga dahilan na tinalakay sa itaas, idinidiin naming himukin kayo na muling isaalang-alang ang aming alok na si Dr. Sanchez, si Ms. Widmer, o silang dalawa ang pupunta sa ngalan ng Johnson & Johnson sa pagdinig sa Disyembre 10.

Sumasainyo,


Brian D. Smith

cc: Ang Kagalang-galang na Michael Cloud